



**Paunawa ng Pampublikong Pagdinig At
Kahandaan para sa Pampublikong Pagsusuri sa Burador na Pinag-isang Taunang
Ulat ng Pagtasa ng Pagganap (CAPER) FY 2024-2025**

ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO na ang Konseho ng Lungsod ng Milpitas ay magsasagawa ng isang Pampublikong Pagdinig sa regular na pulong ng Konseho ng Lungsod nang personal sa Chamber ng Konseho ng Lungsod sa City Hall, matatagpuan sa 455 E. Calaveras Blvd., Milpitas **sa Martes, Setyembre 16, 2025**, simula sa o kaagad pagkaraan ng **7:00 PM** o agad pagkaraan nito, upang isaalang-alang ang pag-aproba sa Burador na Pinag-isang Taunang Ulat ng Pagtasa ng Pagganap (CAPER). Ang isang-taong CAPER ng Lungsod ay naglalarawan sa pag-uulat ng Mga Programa at Aktibidad ng Blokeng Gawad sa Pagpapaunlad ng Komunidad (CDBG) na isinagawa sa nakaraang taon ng programa 2024-2025.

Ang mga kopya ng Burador na CAPER ay makukuha nang personal sa pangharap na desk sa City Hall at online para sa pagsusuri ng publiko sa

<https://www.milpitas.gov/475/Federal-Program-Community-Development-BI>

Ang panahon ng pampublikong pagsusuri at mga komento para sa Burador na CAPER ay Agosto 22 - Setyembre 16, 2025.

ANG MGA INTERESADONG TAO AY MAAARING magbigay ng mga pampublikong komento sa pampublikong pagdinig nang personal sa pamamagitan ng pagsunod sa mga sumusunod na tagubilin na nakalista sa adyenda ng pulong ng Konseho ng Lungsod o magsumite ng nakasulat ng mga komento bago ang pagdinig sa pamamagitan ng pag-email sa Klerk ng Lungsod sa CityClerk@milpitas.gov. Ipinagbibigay-alam na ang nakasulat na mga komento ay hindi babasahin sa panahon ng pulong. Ang nakasulat na mga komento ay digital na ipamamahagi sa Konseho ng Lungsod at magiging bahagi ng pampublikong rekord ng pulong na ito.

Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong May Kapansanan, ang Lungsod ng Milpitas ay gagawa ng makatwirang mga pagsisikap upang bigyan ng kaluwagan ang mga taong my kapansanan. Kung nangangailangan ka ng espesyal na kaluwagan, mangyaring kontakin ang Housing Team sa (408) 586-3222, housing@milpitas.gov.

Suzanne Guzzetta
Klerk ng Lungsod

Petsa ng Publikasyon: Agosto 22, 2025